**Marso 30, 2022**

**PANDIBISYONG MEMORANDUM**
BLG. **158**, s. 2022

SA MGA: Pangalawang Tagapamanihala ng mga Paaralan
Hepe, CID at SGOD
Pandibisyong Tagamasid
Pampublikong Pampurok na Tagamasid
Susing Punongguro/Ulongguro Elementarya
Dalubguro at mga Guro ng Key Stage 1 Filipino at MTB-MLE
(Baitang 1hangang Baitang 3)

**BRIGADA BANTAY BASA SA BAGONG KADAWYAN: PANDIBISYONG WEBINAR/WEBSYAP SA GABAY AT PAGTUTURO SA PAGBASA batay sa MTB PRIMER**

1. Ang Dibisyon ng Cavite ay magsasagawa ng Pandibisyong Palihan sa mga guro ng Key Stage 1 Filipino at MTB-MLE kaugnay ng pagtuturo sa pagbasa gamit ang MTB Primer mula ika-26 ng Abril hanggang ika-28 ng Abril, 2022.

2. Ang mga kalahok sa webinar-worksyap na ito ay mga piling guro mula sa elementarya key stage 1 Baitang 1 hanggang 3 at mga susing punongguro, susing guro, dalubguro at ***function based team*** sa Filipino.

3. Layunin ng webinar-worksyap na:
   - *Muling ipakilala/ipaalam sa mga kalahok ang mga prinsipyo ng MTB-MLE*
   - *Ilahad at ipakita sa kanila ang mga estratehiya sa pagsasanib ng mga prinsipyo ng MTB-MLE sa pagtuturo ng iba't ibang larangan ng pagkatuto; at*
   - *Tulungan sila sa pagbuo ng mga aralin sa pagbasa at kagamitang panturo gamit ang Primer at prinsipyo ng MTB-MLE.*

4. Ang mga kalahok ay inaasahang magpaparehistro online para sa kanilang atendans at tutugunan ang mga tanong sa link ng ebalwasyon araw-araw para sa kanilang sertipiko at *service credits.*

5. Inaasahang ipaaalam ng mga kalahok sa kanilang mga punongguro ang iskedyul ng webinar upang magkaroon ng kasunduan sa oras at gawain na makahahadlang sa pagtupad sa tungkulin sa kanikanilang paaralan

6. Walang anomang kabayaran para sa rehistrasyon ang kokolektahin sa mga kalahok.

7. Para sa ilan pang mga katanungan kaugnay ng webinar-worksyap na ito ay mangyari lamang na makipag-ugnayan sa Pansangay na Tagamasid na nakatalaga sa Filipino, Maribeth C. Rieta sa numerong 09292936855 o mag-email sa maribeth.rieta@deped.gov.ph.

9. Inaasahan ang pagpapalaganap ng memorandum na ito.

**ROMMEL C. BAUTISTA, CESO V**
Schools Division Superintendent

MCR/ DM No. 158, s. 2022
BU-6381/ 03/30/2022